# Tulungan kaming magplano ng mga pagbabago sa paradahan sa kalye malapit sa hinaharap na Judkins Park Light Rail Station!

Pebrero 2024

Ang Seattle Department of Transportation (SDOT) at Sound Transit ay nagtutulungan upang lumikha ng plano sa paradahan sa paligid ng paparating na East Link Judkins Park Light Rail Station, na nakatakdang magbukas sa 2025. Kami ay gumagawa ng isang plano upang bawasan ang buong araw na light rail na paradahan ng commuter sa mga kalye ng kapitbahayan malapit sa istasyon. Makakatulong ito upang mabawasan ang carbon emissions, polusyon sa hangin, at pagsikip ng daluyan ng mga sasakyan mula sa trapiko ng komyuter. Ang aming layunin ay bigyang-priyoridad ang paradahan para sa mga residente at magbigay ng panandaliang opsyon sa paradahan para sa mga bisita ng mga negosyo, organisasyon, paaralan, at parke. Makakahanap kayo ng higit pang impormasyon tungkol sa aming proyekto sa aming website: www.seattle.gov/transportation/judkinspark. Kung mayroon kayong anumang katanungan, huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa amin.

## Ang Aming Iminungkahing Plano

- Kami ay nagmumungkahi ng dalawang bagong Restricted Parking Zone (RPZs), isa sa hilaga ng I-90, at isa sa timog ng I-90. Ang mga palatandaan ng RPZ ay ilalagay sa tabi ng mga pagmamay-ari ng residente, na naglilimita sa paradahan na hindi lalagpas ng 2 oras mula 7 ng umaga hanggang 6 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes, maliban kung mayroon kayong permit.
- Iminumungkahi namin ang 2- o 4 na oras na mga limitasyon sa paradahan sa araw sa tabi ng mga hindi tirahan na lugar tulad ng mga negosyo, paaralan, simbahan, at parke.
- Plano naming magtatag ng mga bagong lugar ng sakayan kung saan kailangan ang mga ito para sa madaling pagkarga at pagbaba ng mga tao at mga kalakal.

## Kailangan namin ang Inyong Puna!

Kailangan namin ang inyong mga saloobin upang matulungan kaming magplano. Mangyaring kumuha ng mabilis na sarbey gamit ang link o QR code na ibinigay. Pagkatapos suriin ang inyong feedback, isasapanahon namin ang aming plano at mag-iskedyul ng pampublikong pagdinig para sa tag-init 2024.

https://www.surveymonkey.com/r/JudkinsPark_Parking?lang=tl

Maaari rin kayong mag-email sa amin sa JudkinsParkLR@seattle.gov o tawagan kami sa 206-491-9775.

Seattle Department of Transportation

SoundTransit




Pasukan ng Istasyon

Mga Parke

Iminungkahing Lugar para sa Mga Pagbabago sa Paradahan sa Kalye (Hilaga)

Iminungkahing Lugar para sa Mga Pagbabago sa Paradahan sa Kalye (Timog)